

Bakit Mahalaga na Ibalik ang Iyong Aplikasyon sa SBA Loan

Release Date: Sep 18, 2023

Ang FEMA ay malapit na nakikipagtulungan sa US Small Business Administration, na nagbibigay ng mababang interes na mga disaster loan para sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan, negosyo at nonprofit na organisasyon. Maaaring sakupin ng SBA disaster loan ang mga pagkalugi **na hindi ganap na sakop** ng insurance o iba pang pinagkukunan. Ang SBA ay ang pinakamalaking pinagmumulan ng mga pederal na pondo sa pagbangon ng kalamidad para sa mga nakaligtas.

- Pagkatapos mong mag-apply para sa tulong sa kalamidad mula sa FEMA, maaari kang i-refer sa SBA. Kung nakatanggap ka ng aplikasyon sa SBA disaster loan, hinihikayat kang punan ito at ibalik sa SBA.
- Kung naaprubahan ka para sa SBA loan, **wala kang obligasyon na tanggapin** ang lahat o bahagi ng loan.
- Kung hindi maibalik ang aplikasyon sa SBA loan ay maaaring mag-disqualify sa iyo sa iba pang posibleng tulong pinansyal mula sa FEMA o iba pang mapagkukunang pinansyal.
- Para sa maliliit na negosyo, maliliit na kooperatiba sa agrikultura, maliliit na negosyo ng aquaculture at karamihan sa mga pribadong nonprofit na organisasyon, ang SBA ay nag-aalok ng Economic Injury Disaster Loan upang tumulong na matugunan ang mga pangangailangan sa kapital para sa pagtatrabaho dulot ng mga sunog. Ang tulong sa Economic Injury Disaster Loan ay available **anuman** ang naging **pisikal na pinsala ng negosyo sa ari-arian**.
- Ang SBA ay nagbibigay ng mga sumusunod na disaster loan para sa Maui wildfires:
 - **Mga Pautang sa Bahay (Home Loans)** –Mga pautang sa bahay (home loans) na hanggang **\$500,000** para sa pagpapaayos o pagpapalit ng real estate at hanggang **\$100,000** para ayusin o palitan ang personal na ari-arian tulad ng damit, muwebles, appliances o sasakyan para sa dalawang may-ari ng bahay at nangungupahan.



- **Mga Pautang sa Negosyo** – Hanggang **\$2 milyon** para sa pagpapaayos o pagpapalit ng real estate, mga imbentaryo, makinarya, kagamitan at lahat ng iba pang pisikal na pagkalugi o nawala.
- **Disaster Loans sa Napinsala ang Ekonomiya (Economic Injury Disaster Loans)** – Hanggang **\$2 milyon** para sa pagpapagaan ng pinsala sa ekonomiya na natamo ng negosyo dahil sa sunog.
- **Para sa karagdagang impormasyon: Pumunta sa <https://www.sba.gov/hawaii-wildfires>.**
- Pagkatapos ideklara ang isang sakuna, ang SBA disaster loan ay maaaring tumaas ng hanggang 20 porsiyento upang masakop ang mga pagpapabuti na magbabawas sa mga panganib mula sa hinaharap na pinsala.
- Ang **SBA Business Recovery Centers** ay nagbibigay ng personal na suporta sa mga nakaligtas sa sunog sa mga county ng Hawai'i, Kaua'i, Honolulu at Maui. Maaaring bumisita sa Business Recovery Center ang mga may-ari ng bahay, umuupa at may-ari ng negosyo sa Maui na nawalan ng tirahan at may mga pangangailangan sa kapital sa pagtatrabaho na dulot ng mga sunog. Ang mga may-ari ng maliliit na negosyo mula sa Big Island, Kaua'i o O'ahu ay tinatanggap din na bumisita sa mga sentro.
- Sasagutin ng mga kinatawan ng SBA ang mga tanong tungkol sa programa ng pautang sa kalamidad ng SBA, ipaliwanag ang proseso ng aplikasyon at tutulongan ang bawat may-ari ng negosyo at residente na kumpletuhin ang kanilang aplikasyon sa elektronikong pautang. Narito ang mga lokasyon ng sentro:

Maui County Hawaii Technology Development Corp.

Maui Research Technology Center

Building A, Suite 119 (Conference Room)

590 L?poa Parkway

K?hei, HI? 96753

Oras: 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes; 10 a.m. hanggang 2 p.m. Sabado

?



FEMA

Hawai'i County

West Hawai'i Civic Center

74-5044 Ana Keohekaloale Highway

Kailua-Kona, HI 96740

Oras: 8 a.m. hanggang 4:30 p.m. Lunes hanggang Biyernes

Honolulu County

Hawai'i Foreign - Trade Zone No. 9

521. Ala Moana Boulevard, Suite 201, Pier 2

Honolulu, HI? 96813

Oras: 9 a.m. hanggang 6 p.m. Lunes hanggang Sabado

Kaua'i County

Dating Otsuka Furniture Building

1624 Kuhio Highway

Kapa'a, HI 96746

Oras: 9 a.m. hanggang 6 p.m. Lunes hanggang Sabado

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa sunog sa kagubatan (wildfire) sa Maui, bisitahin ang mauicounty.gov at fema.gov/disaster/4724. I-follow ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at facebook.com/fema.



FEMA